



Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF EDUCATION
Region VII, Central Visayas
SCHOOLS DIVISION OF NEGROS ORIENTAL
www.depednegor.net

September 4, 2019

DIVISION MEMORANDUM

No. 570, s. 2019

**FILIPINO CONTEST GUIDELINES AND CONTEST PIECES
FOR LANGUAGE ARTS SHOW 2019**

TO : Assistant Schools Division Superintendents
Division Chiefs
Education Program Supervisors/Division Coordinators
Public Schools District Supervisors/Districts-In-Charge
Public/Private Secondary School Heads
All Others Concerned

1. This office informs the field about the Language Arts Show 2019 Contest Guidelines and Contest Pieces under Filipino Category.
2. Attached herewith are copies of the guidelines and contest pieces.
3. Travel and other incidental expenses incurred by the participants during the conduct of Language Arts Show shall be charged from local funds, MOOE, and other funds subject to COA rules and regulations.
4. This serves as *Travel Order*.
5. For widest dissemination.

WILFREDA D. BONGALOS, Ph. D., CESO V
Schools Division Superintendent

9/06/19

SEP 9 2019

Tel. Nos: (035)225-2838 / 225-0667/422-7644 (Division Supt's Office); (035) 225-1622 (CID); (035) 225-1623 (Legal Section); (035)225-8180 (SGOD); (035) 422-7643 (Cash Section); (035) 422-8511 (Planning Section); (035) 225-8987 (Record's Section); (035) 422-5283 (Admin. Section); (035) 422-0267 (Personnel Section); (035) 225-2376 (Guard/Medical/Dental Sections); (035) 225-7012 (Educ. Facilities Section); (035) 225-1640 & (035) 225-1640 (Acct. Budget Section); (035) 422-3921 (Supply Section)

MGA PAMANTAYAN AT PANUNTUNAN SA MGA PATIMPALAK NG LANGUAGE ARTS SHOW 2019

Paligsahan	TULA	
Baitang ng Mag-aaral	Baitang 1	
Bilang ng Kalahok	Isa (1)	
Oras na Inalaan	Depende sa piyesang gagamitin	
Kasuotan	Kasuotang Pilipino	
Batayan ng Kapasyahan	Pamantayan	Bahagdan
	Pagkamakata	35%
	Kaugnay sa paksa (10%)	
	Pagbibigay-diin o damdamin (10%)	
	Pagtutula (10%)	
	Hikayat	25%
	Dating sa madla (5%)	
	Kakanyahang pantanghalan (5%)	
	Kilos, galaw, kumpas (10%)	
	Ekspresyon ng mukha (10%)	
	Tinig	20%
	Lakas (5%)	
	Taginting (5%)	
	Kaangkupan ng diwa at damdamin (10%)	
	Bigkas	20%
	Matatas at maliwanag (10%)	
	Wastong pagbubukod ng salita (5%)	
	Kabuuan	100%
Panuntunan	<p>a) Ang bawat kalahok ay gagamit ng iisang piyesa para sa nasabing patimpalak.</p> <p>b) Ang kalahok sa paligsahan na ito ay manggagaling sa Baitang 1 lamang.</p> <p>c) Ang opisyal nakalahok sa paligsahang ito ay ang nananalo sa Municipal Level na paligsahan.</p> <p>d) Tanging iisang kalahok lamang ang kakatawan mula sa isang municipalidad o bayan. Sa sitwasyong may dalawa o apat na distrito sa isang bayan, dapat magkaroon muna sila nang pagpipili o pambayang patimpalak.</p> <p>e) Ang desisiyon ng lupon ng inampalan ang masusunod at hindi mababago.</p>	

MGA PAMANTAYAN AT PANUNTUNAN SA MGA PATIMPALAK NG LANGUAGE ARTS SHOW 2019

Paligsahan	MAIKLING PAGKUKUWENTO	
Baitang ng Mag-aaral	Baitang 2/3	
Bilang ng Kalahok	Isa (1)	
Oras na Inalaan	3 minuto na pagtatanghal kasamang pagpasok at labas ng tanghalan	
Kasuotan	School Uniform/Kasuotang Pinoy	
Batayan ng Kapasyahan	Pamantayan	Bahagdan
	Kasanayan sa Paglalahad	20%
	Teknikal na Kaalaman	20%
	Kariktan ng Kuwento	20%
	Katatasan sa Wika	25%
	Hikayat sa Madla	10%
	Akmang Kasuotan	5%
	Kabuuan	100%
Panuntunan	<p>a) Ang Maikling Pagkukuwento ay isang paligsahan sa pagkukuwento gamit ang Slide Deck Presentation. Tampak dito ang kuwento tungkol sa (kanyang) ina.</p> <p>b) Ang paligsahang ito ay bukas sa mga mag-aaral ng ikalawa o ikatlong baitang.</p> <p>c) Ang bawat kalahok ay maghahanda ng limang slides. Una, ang pamagat ng kuwento, ang ikalawa-ikalimang slides ay pawang mga larawan lamang. Walang teksto na dapat makikita sa bawat slide maliban sa unang slide.</p> <p>d) Tatlong minuto lamang ang pagkukuwento gamit ang mga slides. Hihinto ang pagkukuwento pagkatapos ng tatlong minuto.</p> <p>e) Ang opisyal na kalahok sa paligsahang ito ay ang nananalo sa Municipal Level na paligsahan.</p> <p>f) Ang desisyon ng lupon ng inampalan ang masusunod at hindi mababago.</p>	

MGA PAMANTAYAN AT PANUNTUNAN SA MGA PATIMPALAK NG LANGUAGE ARTS SHOW 2019

Paligsahan	DEKLAMASYON	
Baitang ng Mag-aaral	Baitang 4/5	
Bilang ng Kalahok	Isa (1)	
Oras na Inalaan	5-7 minuto na pagtatanghal kasamang pagpasok at labas ng tanghalan	
Kasuotan	Depende sa interpretasyon	
Batayan ng Kapasyahan	Pamantayan	Bahagdan
	Interpretasyon	75%
	Tinig (25%)	
	Bigkas (25%)	
	Kumpas at ekspresyon ng mukha (25%)	
	Angkop na kasuotan	15%
Panuntunan	Hikayat sa madla	10%
	Kabuuan	100%
	Kalahok a) Bukas ang patimpalak sa mag-aaral na nasa baitang 4-5. b) Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang mag-aaral na nagwagi sa Municipal Level. c) Ang kalahok/koponan ay may gabay na isang tagapayo/tagapagsanay. Panuntunan a) Iisang piyesa ang gagamitin mula sa dibisyon. b) May 5-7 minuto lamang ang bawat kalahok sa pagtatanghal. c) Ang kasuotan ng magtatanghal ay kailangang naaangkop sa katauhan na namumukod tangi sa piyesa. d) Ang desisyon ng mga hurado ay pinal at hindi mababago.	

MGA PAMANTAYAN AT PANUNTUNAN SA MGA PATIMPALAK NG LANGUAGE ARTS SHOW 2019

Paligsahan	PANTOMINA	
Baitang ng Mag-aaral	Baitang 6	
Bilang ng Kalahok	4-6	
Oras na Inalaan	3-5 minuto ang pagtatanghal kasa ma ang pagpasok at pagbaba sa entablado	
Batayan ng Kapasyahan	Pamantayan	Bahagdan
	Interpretasyon	30%
	Kaisahan at Kaangkupan	20%
	Kalinawan ng Mensahe	20%
	Kalidad ng Pagtatanghal	20%
	Hikayat sa Madla	10%
	Kabuuan	100%
Panuntunan	<p>Kalahok</p> <ul style="list-style-type: none"> a) Bukas ang patimpalak sa mga mag-aaral ng baitang 6. b) Ang bawat koponan ay binubuo ng apat hanggang 6 na miyembro. d) Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang kumakatawan sa bawat bayan. e) Ang kalahok/koponan ay may gabay na isang tagapayo/tagapagsanay. <p>Panuntunan</p> <ul style="list-style-type: none"> a) Ang bawat koponan ay pipili ng isang angkop na musika na gagawan ng interpretasyon. b) Magpapakita ang bawat pangkat ng isang pagtatanghal na may kuwentong saliw sa piling musika. c) Ipapakita nito ang kuwentong nais ipahatid sa madla. Maaring may isahan, pangkatan, sayawan na bahagi ng interpretasyon. d) Sila ay mag-iinterpreta ng isang musika lamang. Hindi pwede ang medley o putol-putol na musika. Dapat tuloy-tuloy ang musika at interpretasyon. e) Walang props na gagamitin sa pagtatanghal maliban sa guwantes kung kinakailangan lamang. Malaya ang pangkat sa pagpipili ng kasuotang gagamitin na aangkop sa interpretasyon. f) Ang desisyon ng mga hurado ay pinal at hindi mababago. 	

MGA PAMANTAYAN AT PANUNTUNAN SA MGA PATIMPALAK NG LANGUAGE ARTS SHOW 2019

Paligsahan	PALIGSAHAN SA DALAWAHANG PAGTUTULA (TULAAN)	
Baitang ng Mag-aaral	Baitang 7	
Bilang ng Kalahok	2	
Oras na Inalaan		
Batayan ng Kapasyahan	Pamantayan	Bahagdan
	Pagkamakata	35%
	Kaugnayan sa paksa (10%)	
	Pagbibigay-diin o damdamin (10%)	
	Pagtutula (15%)	
	Hikayat	25%
	Dating sa madla (5%)	
Panuntunan	Kakanyahang pantanghalan (5%)	
	Kilos, galaw, kumpas (10%)	
	Ekspresyon ng mukha (5%)	
	Tinig	20%
	Lakas (5%)	
	Taginting (5%)	
	Kaangkupan ng diwa at damdamin (10%)	
Panuntunan	Bigkas	20%
	Matatas at maliwanag (10%)	
	Wastong pagbubukod ng salita (5%)	
	Kabuuan	100%
Kalahok		
c) Bukas ang patimpalak sa mag-aaral na nasa baitang 7.		
d) Ang bawat koponan ay binubuo ng dalawang miyembro.		
f) Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang kumakatawan sa bawat bayan.		
g) Ang kalahok/koponan ay may gabay na isang tagapayo/tagapagsanay.		
Panuntunan		
a) Ang paksa ay ibibigay sa takdang oras ng paligsahan.		
b) Sila ay bibigyan lamang ng 3 minutong paghahanda hinggil sa paksang napili. Habang nagtutula, maghahanda naman ang susunod na pangkat.		
c) Ang bawat kalahok ay bibigyan ng tatlong palitan sa pagtutula. Malayang taludturan, walang sukat at tugma ang gagawing tula. Ang bawat saknong ay binubuo ng tig-aapat na taludtod.		
d) Ang bawat kalahok ay dapat na nakadamit ng kasuotang Pilipino sa oras ng pagtatanghal.		

MGA PAMANTAYAN AT PANUNTUNAN SA MGA PATIMPALAK NG LANGUAGE ARTS SHOW 2019

Paligsahan	MUSICAL VIDEO NG ISANG ORIHINAL NA PANALANGIN	
Baitang ng Mag-aaral	Baitang 10	
Bilang ng Kalahok		
Oras na Inalaan	3-5 minuto	
Batayan ng Kapasyahan	Pamantayan	Bahagdan
	Komposisyon	15%
	Musika (Dinamiko, Ritmo, Kalidad)	15%
	Sinimatograpiya	15%
	Teknikal na aspeto	15%
	Pagtatanghal	40%
	Kabuuan	100%
	<p>a) Ang paligsahang ito ay bukas sa lahat na mga mag-aaral sa ikasampung baitang ng Mataas na Paaralan.</p> <p>b) Ang bawat eskwelahan/kalahok/pangkat ay lilikha ng isang panalangin na gawing musical video. Ito ay isusulat sa Bisaya o Filipino. Lapatan ito ng sariling tono/ himig at sariling interpretasyon na sinasaliwan ng instrumento o mga instrumento (guitar, keyboard o iba pang instrument)</p> <p>c) Ang biswal na mga kuha na ilalagay sa musical video ay yaong mga magagandang tanawin/gawain o pangyayaring lokal. Isaalang-alang ang kalayaan sa pananampalataya ng bawat isa.</p> <p>d) Kasama sa paligsahan ang pagtatanghal ng mang-aawit sa nasabing panalangin. Maaring iba ang gumawa ng panalangin at iba rin ang magtatanghal nito.</p> <p>e) Ang lalahok sa paligsahang ito ay ang mga nananalo sa Municipal Level na patimpalak .</p> <p>f) Ang desisyon ng lupon ng inampalan ang masusunod at hindi na mababago.</p>	

MGA PAMANTAYAN AT PANUNTUNAN SA MGA PATIMPALAK NG LANGUAGE ARTS SHOW 2019

Paligsahan	MUSICAL VIDEO NG MGA MAKABAYANG AWITIN	
Baitang ng Mag-aaral	Baitang 8-9	
Bilang ng Kalahok	1-3	
Oras na Inalaan	3-5 minuto	
Batayan ng Kapasyahan	Pamantayan	Bahagdan
	Estetik Valyu	20%
	Sinematograpiya	30%
	Kaangkupan ng mga slides sa tema ng patimpalak	30%
	Interpretasyon	10%
	Kabuuang Biswal	10%
	Kabuuuan	100%
Panuntunan	<p>a) Ang paligsahang ito ay para sa mga mag-aaral ng ika-8-9 na baitang.</p> <p>b) Batay sa temang nakalaan, gagawan ito ng isang musical video tampok ang mga gawaing lokal at mga magagandang tanawin ng probinsya, mga makasaysayang lugar at mga prominenting tao sa probinsya.</p> <p>c) Lalagyan ito ng liriko upang kayang kantahin o sundan ng mga gagamit nito sa hinaharap.</p> <p>d) Iba iba ang kategorya ng paligsahan para sa bawat congressional district.</p> <p>e) Magsusumite ang bawat pangkat ng dalawang kopya, isang may vocal/bores at isang minus-one.</p> <p>f) Ang lalahok sa nasabing paligsahan ang mga nananalo sa Municipal Level.</p> <p>g) Ang desisyon ng lupon ng inampalan ang masusunod at hindi na mababago.</p> <p>Note: 1st Congressional District: Pambansang Awit 2nd Congressional District : Lalawigan Kong Mahal 3rd Congressional District: Mga Pambansang Awitin</p>	

MGA PAMANTAYAN AT PANUNTUNAN SA MGA PATIMPALAK NG LANGUAGE ARTS SHOW 2019

Paligsahan	DULANG MUSIKAL	
Baitang ng Mag-aaral	Baitang 12	
Bilang ng Kalahok	5-8	
Oras na Inalaan	5-7 minuto ang pagtatanghal kasama ang pagpasok at pagbaba ng entablado	
Batayan ng Kapasyahan	Pamantayan	Bahagdan
	Kaangkupan sa tema	15%
	Kalidad ng Pagtatanghal	30%
	Musikalidad/Teknikal	30%
	Interpretasyon at pagganap	15%
	Mensahe	5%
	Akmang kasuotan	5%
	Kabuuan	100%
Panuntunan	<p>a) Ang paligsahang ito ay bukas sa lahat na mga mag-aaral ng ika-labing dalawang taon sa Higit na Mataas na Paaralan.</p> <p>b) Ang bawat kalahok o koponan ay pipili ng isang kabanata sa El Filibusterismo na paghahanguan ng konsepto sa pagtatanghal.</p> <p>c) Hahanap ang pangkat ng isang musika na gagamitin sa pagtatanghal na may kaugnayan sa tema ng pagtatanghal o gagawa mismo ng sariling musika para sa sariling interpretasyon.</p> <p>d) Dapat magbibigay ng ideya ang produksiyon hinggil sa piling kabanata upang mas lalong maintindihan ang mensahe nito.</p> <p>e) Limitado lamang ang bawat kalahok sa pag-iinterpretar ng buong kabanata sa isang awitin o haba ng isang awitin.</p> <p>f) Angkop at akmang kasuotan ay dapat isaalang-alang.</p> <p>g) Ang kalahok sa paligsahang ito ay yaong nananaio sa Municipal Level lamang o kumakatawan sa kanilang bayan.</p> <p>h) Ang desisyon ng lupon ng inampalan ang masusunod at hindi na mababago.</p>	

MGA PAMANTAYAN AT PANUNTUNAN SA MGA PATIMPALAK NG LANGUAGE ARTS SHOW 2019

Paligsahan	Q & A	
Baitang ng Mag-aaral	Baitang 11	
Bilang ng Kalahok	Isa (1)	
Oras na Inalaan	1 minuto	
Batayan ng Kapasyahan	Pamantayan	Bahagdan
	Argumento	20%
	Sagot & Hikayat	30%
	Kaangkupan ng sagot sa tanong (10%)	
	Kilos, galaw, kumpas (10%)	
	Ekspresyon ng mukha (10%)	
	Tinig	20%
	Lakas (5%)	
	Taginting (5%)	
	Kaangkupan ng diwa at damdamin (10%)	
Panuntunan	Bigkas	30%
	Matatas at maliwanag (25%)	
	Wastong pagbubukod ng salita (5%)	
	Kabuuan	100%
	Kalahok	
	a) Bukas ang patimpalak sa mag-aaral na nasa baitang 11.	
	b) Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang kumakatawan sa bawat bayan.	
	c) Ang kalahok/koponan ay may gabay na isang tagapayo/tagasanay.	
	Panuntunan	
	a) Ang paksa ay ibibigay sa takdang oras ng paligsahan.	
	b) Bubunot ang kalahok ng tanong na sasagutin kaagad sa loob ng minute. Sa pagsasagot ng kalahok, sisimulan nito ang sagot sa salitang "I believe..." at wawakasan ng "I thank you."	
	c) Magkakaroon ng elimination round depende s adami ng mga kalahok. Bibigyan ang bawat kalahok ng iba't ibang tanong na sasagutin.	
	d) Limang kalahok na lamang ang tutuloy sa FINAL ROUND, kung saan iisang tanong na lamang ang sasagutin nito.	
	e) Habang ang unang finalist ay sasagot sa tanong, nakatago naman ang ibang kalahok para hindi margining ang sagot ng mga ito maging ang tanong.	
	f) Ang desisyon ng lupon ng inampalan ang masusunod at hindi na mababago.	

ISKAYLAB

Ni: Renante A. Juanillo

Iba na talaga ang panahon natin ngayon
Marahil ikaw man din sa aki'y sasang-ayon.
Dati sanay ang tao sa paglalakad lamang
Ngayo'y gaano man kalapit, sinasakay na.

Saksi, lahat sa kalakaran ng taong-bayan
Masayang naglalakad at nagkukuwentuhan.
Kakaiba na talaga ang ikot ng mundo.
Matanda man o bata sabay sa mga uso.

Kaiba tayo sa usaping uso sa transpo.
May Habal-habal na, iskaylab naman ang bago.
Mabilis na paraan sa paglakbay ng tao,
Sa lugar na dati'y walang namamasahero.

Antay sa habal-habal, iskaylab na ituring
Angkas ang buong pamilya saan man marating
Matibay na motorsiklo, drayber man din nito
Dinadaan kahit walang kalsada rito.

Yan ang uso kung walang ibang namasahero
Tinangkilik ng bayan para sa iakad nito.
Nakatatawa pero sa kabuhatan ay swak.
Kakaiba ngunit karanasa'y hawak-hawak.

ISKAYLAB man kung ituturing ng mga tao.
Kaya ngang iangkas ang marami subukan mo.
Kakaiba ang karanasang dulot sa iyo.
Sakay na sa iskaylab, maiinlab ka rito.

SAAN PATUNGO ANG KAHAPON

Ni: Renante A. Juanillo

“ Sssssshhhhhh! Shhhssshhh!”

“Ano yon? “

Ulan! Ulan? Ulan! Malakas na ulan. Napakalakas na ulan. Baha! Baha! “May baha!” “May landslide.”

Nasaan po ako? Hindi po ba’y natutulog ako? Nasaan na nga ba ako?

Tubig? Tubig! Tubigggg!!!!!!!

“Tulong!” “Saklolo!...”

Hi... ako po si Anteng/Diding. Masaya po ang kapanahunan ng aking kabataan. Nasa bundok pa kami noon. Tila parang kahapon lang...Gigisingin ka ng samo’t saring boses. Nariyan ang mga boses ng sari-saring insekto at mga ibon. Bago pa man sisikat ang araw, ramdam mo ang lamig ng simoy ng hangin na humahalik at dumadampi sa iyong katawan.

“Gising na!” “Ang kalabaw at baka ay dalhin niyo na sa pakainan nito.” Iyon ang sabi ni papa. “Kumuha na rin kayo ng mga panggatong sa “LASANG”. Lasang ang tawag sa kagubatan na punong-puno pa ng mga kahoy. Makikita mo rito ang iba’t ibang uri ng mga kahoy, orkidyas at iba pang mga bulaklak. Nariyan din ang mga klasi-klasing ibon. Higit sa lahat matutuwa ka sa mga unggoy. “Huwag mamumutol ng mga kahoy, masisira ang Lasang”, habol pa ni papa.

Araw-araw, doon umiikot ang buhay namin. Pagkatapos mapakain ang mga hayop, uuwi na sa bahay para kumain. Pagkatapos noon ay pupunta na kami sa sakahan upang magtrabaho.

Pagdating ng hapon, “gumawa muna kayo ng bigas.” Ang utos ni mama. “Palay po ba o mais?” “Palay na lang, may nahuli atang manok ang kapatid niyo kanina”, ang sagot ni mama. Kasi pag mais, sa gilingang bato ang tungo namin. Pero dahil palay ang gagawin naming bigas...ibig sabihin sa “Lusongan” ang punta nito. “Lusong” kung tawagin ito nang nakararami. Isang bagay na dikdikan ng palay upang magiging bigas. Ito ay yari sa kahoy na ginagamitan ng “alho”. Isang kahoy na naman na may katamtamang bigat na siyang ipatatama sa mga palay na nakalagay sa isang “Lusong”. Pag-naalis na ang mga balat ng palay...kukunin ang mga ito at ilalagay sa isang “nigo” na yari naman sa “uway.” Ito ang gagamitin sa pagtatahip upang maalis ang mga balat ng palay, at upang magkaroon na ng bigas palay.

“Mama, tapos na po.”

“ Sige...ilagay mo lang diyan”. “ Pumunta ka sa “kamalig” at balatan mo ang mga mais doon. Dadalhin niyo yon pagbaba ng bundok sa linggo.”

Ang pagkakaalam ko, punong-puno po ang kamalig ng mga mais at palay. Magkakapera po kami mula sa benta ng mga mais pagka linggo. Ipambibili po namin ito ng ulam, asin, gaas, at iba pang basekong pangangailangan sa bundok. Wala pong puwang sa amin ang gutom kung magsisipag ka lang.

Ganun kaganda at kasimple ang buhay namin.

Ngunit isang araw, napapansin ko, na naging maalinsangan ang panahon. Nakita ko sa aking dalawang mata na naging...maliwanang sa bandang dako pa roon. Nakapanibago. May nagbago. Mayroong nawawala. Pinahid ko ang aking mga mata. "Nanaginip ba ako? Hindi. Hinding-hindi ako magkakamali. Tumakbo ako...mabilis papunta sa "Lasang", sa dating "Lasang". Hinihinal. Hindi ko inindak ang pagod. Hinahanap ko sila. May hinahanap ako. Hindi ko alam kung ano. Basta may hinahanap ako. Napaluhod! Umiiyak! Naaawa ako sa sarili ko. Wala akong nagagawa. "Bakit po pinagpuputol ang mga kahoy? Paano ang mga ibon, ang mga unggoy, ang mga orkidyas? Saan po sila pupunta? Sayang naman... kawawa naman. Sa isang iglap lamang, hindi na sila makikita. Hindi mo na masisilayan ang napakagandang tanawin. Ang "Lasang."

Napagtanto ko. Bakit nga ba naman sa mundong ibabaw, may mga taong inisip lamang ang mga sarili nila? Hindi ba sila naaawa sa mga taong tulad naming umaasa lamang sa produkto ng lupa. "Bakit pinagpuputol ang mga kahoy na siyang buhay namin? Ang tubig! Ang hangin! Ang mga hayop! Saan na sila patutungo? Sa ibang dako ba roon? Saan natin sila matatagpuan? Makikita pa ba natin sila?

"Tulong! Saklolo!

"Anting/Diding, lumangoy ka papunta rito", ang sigaw ng mama. "Ano pong nangyari? Paano tayo narito sa nagmistulang dagat ng tubig?" "Nagkaroon ng landslide, nabaha tayo!, ang sabi ni papa. Nasira ng landslide ang bahay natin. Nadala ng malakas na tubig ang mga gamit natin." "Ang lamig!" "Ang ginaw po!" Nag-iyakan kaming lahat. Tiniiis namin ang ginaw. Ang importante buo pa rin kami. Wala na ang bahay namin. Wala na kaming masisilungan. Wala na ang magandang kahapon.

"Wala na ang "Kamalig!" "Wala na ang Lusong!" "Wala na ang galingang bato!" "Wala na ang "Lasang"! Wala na ang mga bagay na naging bahagi ng aming buhay.

Nawala na ang lahat. Walang-wala na!

Tanging isang tanong na lang ang naging ibabaw sa aking isipan pagkatapos noon;

"Saan nga ba patungo ang kahapon?"